**Acceptance Speech for the Most Distinguished Alumni Award under the Public Service and Good Governance Category on the occasion of the UP-CSSP's 40th Anniversary**

October 21, 2023

by Bernadette F. San Juan, CESO II

Pagbati sa pamunuan ng ating Kolehiyo. Pagbati sa 40th anniversary sa pagkakatatag ng ating kolehiyo. Magandang gabi po sa ating lahat.

Ako po si Bernadette San Juan mula sa Departamento ng Heograpiya.

Ngayon ay araw ng Sabado, bonding time namin ng aking ina. Kanina po ay nagpaalam ako sa kanya na ako na pupunta ako sa UP upang tumanggap ng parangal. Tanong po nya, paano ka naman nahanap ng UP at bakit ka naman paparangalan? Ano ba ang ginawa mo?

Tulad po ng aking co-awardee sa aming Departamento, ako rin po ay nagmula sa pamilyang mahirap. Ako po ay ipinanganak at lumaki sa squatters area. Noon pong panahon namin sa UP, marami pa po ang mula sa mahihirap na natatanggap sa UP. Sana ay patuloy po ang UP sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga mahihirap na makapag-aral sa ating Pamantasan. Ako po ay tunay na nagpapasalamat sa pagkakataong makapag-aral sa pamantasang ito. Hindi po siguro nakakapagtaka kung paano ang mga simpleng indibidwal ay nahahanap at pinaparangalan dito sa UP dahil kilala ang UP na isang institusyon na kung saan ang lahat ay may pagkapantay-pantay, nagbibigay opurtinidad sa lahat.

Ang mas mahirap sagutin na katanungan ng aking ina ay bakit ako paparangalan at ano ba ang ginawa ko? Ang aking ina ay hindi nakapagtapos ng kolehiyo subalit marami po akong natututunan sa kanya. Ano nga ba ang ginawa ko upang maging marapat sa parangal mula sa UP? Napapaisip tuloy ako na madali lang pala ang magkamit ng parangal. Wala namang mahirap na dapat gawin. Sa panahon ngayon, dito pala sa ating lipunan, gawin lang natin ang ating trabaho, kung saan tayo naman ay bayad mula sa ating sweldo, ay puede pa tayong makatanggap ng parangal. Yan

lang po ang simpleng sagot ko sa tanong ng aking ina, bakit ka paparangalan? Ginawa ko po ang aking trabaho.
Mahirap din po ang maging likod bayan. May mga pagkakataon na tayo ay nalalagay sa sitwasyon kung saan tayo ay magigipit sa pagpili sa pagsunod sa utos na di legal at di nararapat. Nalagay na rin po ako sa ganyang sitwasyon. Ako po na binantaan na kung hindi ako pipirma sa isang dokumento ako po ay aalisin sa trabaho. Dahil ako naman po ay walang sariling mga anak, wala pong maapektuhan kung hindi ang sarili ko lamang. Walang anak na magugutom kung ako ay mawawalan ng trabaho. Ako po ay hindi madaling masindak kung sakaling ako ay maghihirap dahil galing na po ako doon at napgadaanan ko na po iyon. Noong ako nga po ay mag-aaral dito sa UP at ako ay nakatira sa Kamia Hall, ang aking madalas na hapunan ay pancit na nagkakahalaga ng limang piso lamang. Pero sabi nga, ang tadhana minsan mapagbiro. Ipinanganak na nga po akong mahirap ay binigyan pa ako ng mas mahirap ng roommate sa Kamia Hall. Ang akin pong roommate ay isang Tausug na walang ring pera. Umaasa lamang siya sa stipend mula sa kanyang DOST Scholarship na kung dumating naman ay every six months. Iniisip ko tuloy na para makapasa sa DOST scholarship ay once every six months lang kumakain. Amin pong pinaghahatian ng aking roommate sa hapunan ang pancit na nagkakahalaga ng limang piso. Sa pagbabalik tanaw sa aking karanasan na ito, naiisip ko ngayon na baka binigyan ako ng roommate na mas mahirap pa sa akin upang ma-realize ko ang aking blessings. Mas mapalad ako sa aking roommate.

Patungkol po muli sa istorya ng panggigipit, ako po ay sumangguni sa aking mga kapatid. Nagaling po ako sa malaking pamilya. Walo po kaming magkakapatid. Ang sabi po ng aking mga kapatid ay mag-resign na lamang kesa umayon sa hindi nararapat. At dahil tayo sa UP ay kilalang mga matatalino, naisip ko po na kung ako ay mawawalan ng trabaho, ako ay dadalaw ng tig-iisang buwan sa bawat kapatid ko. Kapag natapos na po sa pangwalo ay uulit uli ang ikot ng pagdalaw. Ako po ay natutuwa nung ako ay nag-resign. Pinag-aagawan po ako ng aking mga kapatid na sa kani-kanila na ako tumira. Libre lahat. Kaya naman pala ay wala silang tutor at tagapag-alaga sa kanilang mga anak. Ang mga kapatid ko po ay hindi mga taga-UP pero mas matatalino pa po sila sa akin.

Kakayanin po natin ang matapat na paglilingkod sa bayan kung tayo ay may tiwala sa Diyos, at aalisin natin ang luho sa ating katawan. Wala po tayong magagawa sa kilos at pag-iisip ng iba, pero hawak natin ang sariling isip at katawan. Sa pagpili ng

tama sa ating paglilingkod bayan, di man po tayo gaanong yayaman ay makakaraos din.